DepEd Advisory No. 277, s. 2013
July 9, 2013
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph.)

IKA-22 PAMBANSANG KUMPERENSYA NG MGA MAG-AARAL NG KASAYSAYAN

Ang Unibersidad ng Pilipinas-Lipunang Pangkasaysayan (UP-LIKAS) ay magdaraos ng *Ika-22 Pambansang Kumperensya ng mga Mag-aaral ng Kasaysayan* na may temang *Kilos Kasaysayan: Ang Katipunan at mga Kilusang Panlipunan sa Kasaysayan ng Pilipinas* sa Agosto 16-17, 2013 sa Bulwagang Tandang Sora, College of Social Welfare and Community Development (CSWCD), UP-Diliman, Lungsod Quezon.

Layunin ng kumperensya na ito ay ang mga sumusunod:

1. mailahad kung paano umusbong ang mga kilusang panlipunan at ang mahalagang papel ng mga ito sa ating kasaysayan;
2. suriin ang itinakbo at pagpapatuloy ng dalumat at kaisipan ng Katipunan at kung paano ito nakaapekto sa pagbubuo ng mga kilusang panlipunan; at
3. talakayin ang kabuluhan ng mga ito sa kasalukuyang panahon.

Inaasahan na ang mga dadalo sa gawaing ito ay ang mga guro at mag-aaral ng kasaysayan sa mababa at mataas na paaralan mula sa iba't ibang panig ng Pilipinas.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nasasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan alinman sa mga sumusunod:

- Bb. Nicole Angela V. Canseco
  Pangulo
  Unibersidad ng Pilipinas-Lipunang Pangkasaysayan (UP-LIKAS)
  UP-Diliman, Lungsod Quezon
  Mobile Phone Blg.: 0917-812-9837

- G. Eufemio O. Agbayani
  Pangalawang Pangulo
  UP-LIKAS
  UP-Diliman, Lungsod Quezon
  Mobile Phone Blg.: 0915-214-1338